Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagbigay ng kategorya ng pangngalan

Panuto: Isulat sa patlang kung ang pangngalang may salungguhit ay ngalan ng *tao*, *bagay*, *hayop*, *pook*, o *pangyayari*.

_____ 1. Natakot ang <u>pusa</u> nang lumapit ang isang malaking aso.

_____ 2. Sasakay tayo ng bus at <u>dyip</u> para makapunta sa bahay ni Lolo.

_____ 3. Tumawag ang <u>kaibigan</u> mo sa telepono kahapon.

_____ 4. Ang bagong <u>sapatos</u> na ito ay regalo mula sa ninong ko.

_____ 5. Maghahanda tayo para sa <u>kaarawan</u> ni Jaime bukas.

_____ 6. Pupunta si Nanay sa <u>bangko</u> mamamayang hapon.

_____ 7. Dadalo ba kayo sa <u>kasal</u> nina Mike at Nadya sa Linggo?

_____ 8. Ibinalik ko na ang mga aklat na hiniram ko sa <u>silid-aklatan</u>.

_____ 9. Nakita mo ba ang mga itlog ng <u>manok</u> sa ilalim ng bahay?

_____ 10. Si <u>Ginoong Garcia</u> ang magtuturo sa atin kung paano magpalaki ng iba't-ibang puno.

_____ 11. Nais maging isang magaling na <u>doktor</u> ang anak ni Ginang Lina.

_____ 12. Nakabili si Tatay ng murang gamot sa <u>botika</u>.

_____ 13. Itapon natin ang mga balat ng kendi sa tamang <u>basurahan</u>.

_____ 14. Nakipaglaban si <u>Lapu-Lapu</u> sa mga tauhan ni Ferdinand Magellan.

_____ 15. Pupuntahan namin si <u>Tomas</u> sa ospital ngayong umaga.

_____ 16. Sama-sama ang buong pamilya tuwing pagsapit ng <u>Pasko</u>.

_____ 17. Makikita ang <u>tarsier</u> sa mga lalawigan ng Bohol, Samar, at Leyte.

_____ 18. Maghanda tayo ng iba't-ibang <u>pagkain</u> sa darating na pagdiriwang.

_____ 19. Magbabakasyon sa <u>probinsiya</u> ang mga bisita ni Jessie.

_____ 20. Napaiyak ang bata dahil sa narinig niyang malakas na kulog at <u>kidlat</u>.

Para sa karagdagang puntos, maghanap ng isa pang pangngalan sa bawat pangungusap. Bilugan ang mga pangngalang na ito.